# datos

Ilinathala ng Rehiyunal na Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bikol

ISPESYAL NA EDISYON HINGGIL SA MGA BATAS SA TERORISMO SA BUONG DAIGDIG HUNYO 2021




# IMPERYALISMO AT MGA REAKSYUNARYONG GUBYERNO
## TUNAY NA TERORISTA

Sa panunulsol, panggigipit, intimidasyon at tuwirang panghihimasok ng US, ipinatupad ng mga bansang kaalyado at papet nito ang mga pasistang batas na nagkukubli sa tabing ng kontra-terorismo. Ang lahat ng ito, gaya ng Anti-Terrorism Act of 2020 ng Pilipinas, ay instrumento ng karahasan at pagsasamantala ng pinakamalaki at pinakamasahol na terorista sa lahat – **ang imperyalistang US.**

## USA

Bago pa ang pambubomba noong Setyembre 11, 2001 at deklarasyon ni dating Pangulong George Bush, Jr. ng gera kontra-terorismo, napakahaba at napakabagsik na ng listahan ng mga batas ng panunupil at terorismo ng estado sa US. Liban pa sa pagtutulak ng mga resolusyon at kasunduan sa United Nations Security Council at iba pang daluyan, mayroong walong batas kontra-terorismo na ipinasa mula 1989 hanggang 2006.

Matapos ang atake noong Setyembre 2001, magkasunod na ipinasa ang EO 13224 na nag-uutos ng kumpiskasyon ng lahat ng ari-arian ng mga tinatakang terorista at hinihinalang may kaugnayan sa terorismo at ang notoryosong Uniting and Strengthening America by Providing Appropriate Tools for Intercepting and Obstructing Terrorism Act (USA PATRIOT Act).

Ang USA PATRIOT Act ang modelong batas ng terorismo ng estado at ang siyang ginagaya ng napakaraming mga pasista at reaksyunaryong rehimen sa buong daigdig. Ilan sa mga probisyon nito ang:

*a. Walang taning na detensyon ng mga dayuhang entidad.*
*b. Pagpapahintulot na halughugin ang tahanan at upisina ng isang indibidwal kahit hindi niya alam o hindi niya pinayagan.*
*c. Pagpapalawak ng gamit sa National Security Letters, mga subpoena na ilinalabas ng US upang makaukuha ng impormasyong may kaugnayan sa pambansang seguridad nang walang kinakailangang pahintulot ng isang huwes. Dahil dito, malayang namamanmanan ng Federal Bureau of Investigation (FBI) ang lahat ng record ng mamamayan – mula sa komunikasyon hanggang sa mga record sa aklatan at iba pa.*

Tatlong beses itong pinalawig at inamyendahan. Una, sa pamamagitan ng USA PATRIOT and Terrorism Prevention Reauthorization Act of 2005 na sinundan ng USA PATRIOT Act Additional Reauthorizing Amendments Act of 2006. Ang huli, PATRIOT Sunsets Extension Act, ay pinirmahan naman ni dating Pang. Barack Obama noong 2011. Nagdagdag ito ng apat na taon sa bisa ng tatlong susing probisyon ng naturang batas: ang *mobile wiretapping,* paghahalughog at pagmamanman sa lahat ng rekord ng indibidwal at mahigpit na pagmamanman sa mga tinagurian nitong *lone wolves* o mga indibidwal na hindi kasapi ng teroristang organisasyon ngunit hinihinalang maaaring gumawa ng teroristang hakbangin.

Noong 2015, ipinasa naman ang USA Freedom Act na pinaketeng magwawasto sa mga abuso at paglabag na nangyari sa panahon ng USA PATRIOT Act kabilang na ang malawakang sarbeylans sa mamamayan. Ngunit sa aktwal, ibinalik pa rin nito ang mga probisyon nang nagtapos nang USA PATRIOT Act kabilang ang tatlong probisyong nabanggit sa itaas.




# North America



## CANADA

Tatlong buwan matapos ideklara ng US ang pagpapaigting ng gera kontra-terorismo nito noong 2001, agad na ipinasa ng Canada ang Canadian Anti-Terrorism Act. Binigyan nito ng dagdag kapangyarihan ang gubyernong Canadian na magsagawa ng mga mapanupil na hakbang laban sa mamamayan gaya ng mga lihim na paglilitis, detensyon ng mga pinaghihinalaang terorista kahit walang nakasampang kaso at masaklaw na sarbeylans at pagmamanman.

Noong 2012, ipinasa naman ang Combating Terrorism Act. Dinagdagan nito ng limang taon ang buhay ng mga probisyon ng CATA 2001 na nawalan na ng bisa sa ilalim ng *sunset clause*. Dinagdagan din nito ang listahan ng mga krimen ukol sa pag-alis sa Canada upang sumali at magsanay sa ilalim ng isang teroristang grupo. Itinaas din nito ang maksimum na pagkakakulong para sa mga kasong kaugnay ng pagkakanlong ng mga pinaghihinalaang terorista.

Gaya ng US National Security Agency, tiniyak din ng Canada ang pagpapalaki ng papel at kontrol ng Canadian Security Intelligence Service (CSIS) sa mga impormasyong hinggil sa mamamayang Canadian. Ipinasa nito ang Anti-Terrorism Act 2015 para rito. Dahil sa batas na ito, maaari na umanong pigilan ng CSIS ang propaganda ng mga terorista at malayang magbahagi ng hawak na datos sa pulis at militar. Ibayo pang pinalakas ang kapangyarihan ng CSIS sa pamamagitan ng Bill C-59 2019. Pinahihintulutan nito ang CSIS na maglunsad ng mga *online operations* laban sa mga target nitong grupo at indibidwal.



## EL SALVADOR

Noong 2006, ipinasa ng El Salvador ang Special Law Against Terrorist Acts. Gaya ng iba pang mga bansa, ginagamit ng gubyerno ang naturang batas para sa panunupil sa mamamayan. Tampok sa mga kasong ito ang nangyari sa Suchitito 13 kung saan inaresto ang 14 kataong bahagi ng isang kilos-protesta laban sa pribatisasyon ng tubig ng bansa. Isa ang pinalaya habang kinasuhan ang natitira sa bisa ng SLATA 2006.

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO



### TRINIDAD & TOBAGO

# SOUTH AMERICA






## PERU

Noong 1992 ipinasa ng tiranong si Alberto Fujimori, dating pangulo ng Peru, ang kauna-unahang batas kontra-terorismo ng bansa bilang kapalit ng suporta ng US sa kanyang pamumuno. Tulad ng iba pang mahihirap na bansa, garantiya ng International Monetary Fund-World Bank ang batas kontra-terorismo ng Peru para sa mainam na klima para sa mga mamumuhunan.

Nakalusot ang naturang batas sa pamamagitan ng ilinunsad na *presidential coup* ni Fujimori kung saan ipinasara niya ang Kongreso at hudikatura at pinatigil ang bisa ng Konstitusyon. Ginamit ang batas kontra-terorismo upang dahasin at paslangin ang mga kalaban ni Fujimori sa pulitika, mga rebolusyonaryong organisasyon at ang mamamayang Peruvian. Nagbuo rin ng mga espesyal na korte upang magsagawa ng mga lihim na paglilitis sa mga kasong isinampa sa ilalim ng batas kontra-terorismo.

## BRAZIL



Noong 1980s, ipinasa na ng Brazil ang National Security Law. Mula 2011 hanggang 2015, nagpasa ang bansa ng karagdagang limang batas kontra-terorismo kabilang ang Law No. 13.170 na nagpapahintulot sa kumpiskasyon ng ari-arian ng sinumang pinaghihinalaang terorista o tagasuporta nito. Ilan pa sa mga tampok na probisyon ng magkakasunod na batas na ito ay ang pagtangging magbigay ng *visa* sa mga pinaghihinalaang terorista sa ibang bansa o kaya ay pagpapadeport ng mga ito, pagkikriminalisa ng ilang partikular na aktibidad bago at habang mayroong World Cup8, pagpapasok ng depinisyon ng terorismo sa Konstitusyong Brazilian at pagtatakda ng haba at bigat ng parusa sa mga krimen sa ilalim nito.

Noong 2015, sa ilalim ng programang Anti-terrorism Assistance ng US. Dept. of State, sinanay ang iba't ibang ahensyang Brazilian kabilang ang Anti-Terrorism Division ng Departamento de Policia Federal (DPF), ang kanilang institusyon ng kapulisan, para umano sa pagpapataas ng kasanayan kontra-terorismo. Noong 2016, nagpasa pa ito ng isang batas, ang Law No. 13.260, na naglilinaw sa depinisyon ng terorismo at nagkikriminalisa sa pagsuporta at pagpondo sa terorismo.

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO



## PARAGUAY

# EUROPE






## UNITED KINGDOM

Mahaba ang listahan ng mga batas kontra-terorismong ipinasa ng UK mula pa noong huling bahagi ng 1930s. Pinakabago sa mga ito ay ang Counterterrorism and Border Security Act (CBSA) of 2019 na tumitiyak na maipapatupad ng UK ang estratehiyang CONTEST laban umano sa mga terorista. Isa sa mga probisyon nito ay ang pagkikriminalisa sa pagbyahe papunta o pananatili sa isang lugar na ipinagbawal ng gubyerno dahil sa 'banta ng terorismo'. Ang CBSA 2019 ay nagdaragdag-sinsin sa dati nang nakalatag na plano kontra-terorismo ng UK.

Noong 2000, ipinasa ang Terrorism Act na nagpahintulot sa sumusunod:

*a. Napakasaklaw na pagpapakahulugan sa terorismo na nagresulta ng pagdami ng organisasyong tinatakang terorista*
*b. Detensyon ng isang indibidwal kahit wala pang kaso at interogasyon nang hanggang isang linggo.*
*c. Arbitraryong pagpapahinto sa mga sasakyan at indibidwal at paghahalughog ng kanilang mga kagamitan.*

Ang sumunod na Anti-terrorism, Crime and Security Act 2001 na ipinasa matapos ang September 11 *bombing* sa US ay naglalaman ng mga probisyong dati nang hindi nakalusot sa TA 2000 dahil sa pagsalungat nito sa Konstitusyon. Ilan sa mga ito ay:

*a. Pagpapahintulot sa Ministry of Defence Police na mag-operasyon sa labas ng kanilang mga baseng militar kahit para sa mga kasong walang kaugnayan sa terorismo.*
*b. Walang taning na detensyon sa mga dayuhang pinaghihinalaang terorista.*

Ipinagpatuloy naman ng Criminal Justice Act 2003 ang bisa ng naunang ATCSA 2001. Pagkatapos nito, ipinasa naman ang The Prevention of Terrorism Act 2005 at agad na nasundan ng The Terrorism Act 2006 at The Terrorism (United Nations Measures) Order 2006.

Sa loob ng anim na taon mula 2008 hanggang 2013, limang magkakasunod na batas kontra-terorismo ang ipinasa ng UK: ang Counter-Terrorism Act 2008, Coroners and Justice Act 2009, Terrorism (United Nations Measures) Order 2009, The Terrorist Asset-Freezing (Temporary Provisions) Act 2010 at The Justice and Security Act 2013.

Noong 2014, ipinanukala ni dating Prime Minister at noon ay Home Secretary Theresa May ang Counter-terrorism and Security Bill. Naipasa ito nang sumunod na taon. Sa bisa nito, ipinatupad ang higit na masaklaw, masinsing at mapanghimasok na pagmamanman sa komunikasyon. Inobliga ang mga *Internet service providers* na itago ang rekord ng kanilang kustomer. Nang panahong iyon, hindi pa obligado ang mga ito na magtago ng gayong impormasyon.

Noong 2015, isang 10 taong gulang na bata ang ininteroga ng pulis at hinalughog ang tirahan matapos i-ulat ng kanyang mga guro dahil sa maling ispeling. *Terrorist* ang naisulat ng bata sa halip na *terraced*.

## ITALY

Sa kasalukuyan, ginagamit ng Italy ang mga batas kontra-terorismong ipinasa nito noong 2005 kung saan nakasaad ang detensyon ng mga pinaghihinalaang terorista at ang pagpapadeport sa mga dayuhang iniuugnay din sa terorismo.

Sa panahon ng *anni di piombo,* sosyo-pulitikal na krisis na hinarap ng Italy noong huling bahagi ng 1960s hanggang maagang bahagi ng 1980s, ipinasa ang sunud-sunod na batas kontra-terorismo.

Noong 1974, iniatas ang pagpapalawig ng detensyon mula isa hanggang dalawang taon batay sa bigat ng kaso tungong apat na taong detensyong hanggang unang paglilitis, anim na taon hanggang sa pag-apela at walong taon hanggang sa pinal na hatol. Noong 1975, ipinasa ang Reale Act na bumasbas sa arbitraryong panghahalughog, pangangapkap at pag-aresto ng pulis. Maaaring interogahin ang sinuman kahit walang presensya ng abugado.

Ipinasa naman noong 1979 ang Cossiga decree-law. Ibayo pa nitong pinalawig ang panahon ng detensyon ng isang indibidwal kahit wala pang kaso at pinahintulutan ang *wiretapping*. Noong 1978 hanggang 1980, binigyang-daan ng Law no. 191 (Moro Law) at Law no. 15 ang pagsasabatas ng mga atas na nagpapailalim sa bansa sa isang *emergency.*

Ayon sa ilang dalubhasa, lumalabas na naipasa ang naturang mga batas sa tulak ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) gamit ang Operation Gladio, isang lihim na operasyong nakapokus umano sa depensa ng Europa mula sa pananakop ng mga kalahok sa Warsaw Pact. Ipinakana umano nito ang pagdukot at pagpaslang kay Aldo Moro noong Mayo 9, 1978 ng mga kasapi ng Red Brigades. Isa si Moro sa mga Prime Ministers na may pinakamahabang panahon ng panunungkulan matapos ang WW II. Minanipula umano ng mga ahente ng NATO ang mga kasapi ng Red Brigades upang patayin si Moro. Dahil sa naganap na kaguluhan, nagkaroon ng dahilan ang gubyernong Italyano na magpasa ng higit na mababagsik na batas kontra-terorismo.

## IRELAND

Ang unang serye ng mga batas sa kontra-terorismo ng Ireland ay ang Offences against the State Acts 1939–1998 via the Special Criminal Court na ipinasa ng lehislatura nito, ang Oireachtas.

Sang-ayon sa naturang batas, ituturing na krimen ang pagiging kasapi ng isang organisasyong tinatakan nang banta sa pambansang seguridad. Itinuturing ding sapat at mabigat na ebidensyang maaaring pagsimulan ng paglilitis *(prima facie evidence)* ang upinyon ng isang senior Garda Siochana, institusyon ng kapulisan ng Ireland. Pinahihintulutan din ng naturang batas ang walang hanggang detensyon ng isang pinaghihinalaang indibidwal kahit walang paglilitis.

Sa pamamagitan din nito, itinayo ang Special Criminal Court na maaaring duminig ng mga kaso nang walang *jury*. Ipinasa rin noong 2005 ang Criminal Justice (Terrorist Offences) Act 2005.

## TURKEY

Ipinasa noong 1991 ang Law to Fight Terrorism (Law 3713) ng Turkey. Sa bisa nito, malayang tinarget ng gubyernong Turkish ang sarili nitong mamamayan. Inatake nito ang mamamayang Kurdish na lumalaban para sa kanilang kasarinlan at ang lahat ng mga taga-suporta nila.

Ilan sa mga probisyon ng naturang batas ay ang parusang pagkakakulong para sa lumilikha at nagpapalaganap ng propagandang nagtataguyod sa paninindigan ng mga Kurds. Sa unang kwarto pa lamang ng 2019, umabot sa 10,000 *social media accounts* ang pinaiimbestigahan dahil sa mga diumano'y paglabag sa Law 3713.

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO

- Sweden
- Norway
- Denmark
- France
- Kosovo
- Turkey
- Albania
- Greece
- Austria
- Belgium
- The Netherlands

# EURASIA

## RUSSIA

Mula nang manaig ang modernong rebisyunismo sa Russia, ginamit din nito ang pasismo upang takutin, supilin at pasunurin ang mamamayan. Tulad ng US, itinago nito sa likod ng tabing ng kontra-terorismo ang tahasang pasismo ng estado. Tuluy-tuloy nitong pinababagsik ang mga batas kontra-terorismo nito.

Noong 2016, ipinasa ng Russia ang Yaroyava law na itinulak ni Irina Anatoleyvna Yarovaya, kasapi ng United Russia's General Council. Tinutukoy nito ang mga batas na 374-FZ at 375-FZ na nagrerebisa sa mga dati nang batas kontra-terorismo. Ilan sa mga tampok na probisyon nito ay:

*a. Pagpapahaba ng panahon ng pagkakakulong para sa ilang kaso.*

*b. Pagdaragdag ng mga dahilan upang pagbawalan ang paglabas-masok sa bansa.*

*c. Pagtatakdang krimen ang kabiguang i-ulat na mayroong ibang entidad na nagpaplano o nagsagawa ng teroristang hakbangin.*

*d. Pag-obliga sa mga kumpanya sa telekomunikasyon at internet na itago ang lahat ng datos, tawag, imahe at mensahe sa loob ng anim na buwan. Dapat ding itago nang tatlong taon ang metadata5. Maaaring hingin ng estado ang mga impormasyong ito nang walang kautusan mula sa korte.*

*e. Dinagdagan din nito ang Russia's Religion Legislation at ipinagbawal ang gawaing misyonaryo, gaya ng pagbibigay ng sermon, pagbibinyag, pagkasal at mga mapagkawanggawang aktibidad, sa labas ng mga simbahan.*

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO

### KAZAKHSTAN



# ASIA



## TSINA

Noong 2015, ipinasa ng Tsina ang kauna-unahang Anti-Terrorism Act nito. Ilan sa mga tampok na probisyon nito ang:

*a. Pag-obliga sa mga kumpanya sa telekomunikasyon, internet at teknolohiyang alamin ang tiyak na identidad ng isang indibidwal at pagkaitan ng serbisyo ang sinumang hindi makasunod.*

*b. Kinakailangan ding magbigay ng akses sa gubyerno ng mga impormasyong nakukolekta mula sa mamamayan.*

Maging ang mga deklaradong nagsasariling dibisyon ng Tsina gaya ng Hong Kong at Xinjiang ay pinatawan nito ng batas kontra-terorismo. Nitong Hunyo 2020, sa gitna ng pandemya, ipinasa ng gubyerno ng *mainland China* sa *special autonomous region* nitong Hong Kong ang Law of the People's Republic of China on Safeguarding National Security in the Hong Kong Special Administrative Region (Security Law). Bagamat may magkahiwalay na sistema ng paggugubyerno, nangialam ang *central government* ng Tsina sa paggawa ng batas dahil ilang ulit na umanong nabigo ang Hong Kong na makapagpasa ng isang National Security Law. Sa bisa nito, binuo ang Committee for Safeguarding National Security na tuwirang pinamamahalaan ng *central government.* Hindi maaaring siyasatin ng gubyerno ng Hong Kong ang mga aktibidad nito.

Sa ilalim ng HK-SL 2020, paparusahan ang sinumang nagtataguyod ng tuluyang paghiwalay ng Hong Kong mula sa Tsina, subersyon, terorismo o anumang hakbangin na maituturing na banta sa pambansang seguridad. Maaaring kasuhan ang mga indibidwal kahit hindi sila residente ng Hong Kong at ligal ang kanilang ginagawa sa mga bansang kanilang pinagmulan.

May kalayaan din ang Tsina na panghimasukan ang pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng Office for Safeguarding National Security of the Central People's Government. Ang naturang upisina ay maaaring magtakda kung kaya o hindi ng Hong Kong ang isang mabigat o kumplikadong kaso.

Samantala, 2017 pa ay ipinapatupad na ng Tsina ang isang batas kontra-terorismo sa Xinjiang Uyghur Autonomous Region nito. Sa bisa nito, lampas isang milyong Uyghurs at Muslim na ang idinetine sa mga *detention camps* sa loob ng Xinjiang at *mainland China* kung saan sila nakararanas ng iba't ibang tipo ng pang-aabusong militar. Binuo rin ang espesyal na yunit operasyon ng People's Armed Police para umano tutukan ang terorismo sa naturang rehiyon.

## INDIA

Ang Terrorist and Disruptive Activities (Prevention) Act (TADA) 1985-1995 ang kauna-unahang batas kontra-terorismo ng India. Binigyan nito ang pulis at militar ng masaklaw na kapangyarihan sa pagpigil sa mga aktibidad na nakagagambala sa publiko. Hindi rin obligado ang pulis na iharap sa hukuman ang idinetine sa loob ng 24 oras. Ang inakusahan ay maaaring idetine nang hanggang isang taon nang walang sinasampang kaso sa kanya. Ang salaysay ng isang indibidwal sa harap ng pulis, kahit sa harap ng tortyur at detensyon, ay itinuturing na ebidensya. Ipinagpapalagay ding may-sala ang isang indibidwal hanggang mapatunayan niyang siya'y inosente.

Bumuo rin ng mga espesyal na korte upang dinggin ang mga kaso sa ilalim ng naturang batas at maaaring hindi magpakilala ang mga testigo. Maaaring palihim na dinggin ng naturang mga espesyal na korte ang mga kaso.

Ipinagpatuloy ang TADA 1985-1995 ng mga batas na Prevention of Terrorism Ordinance (POTO) 2001, Prevention of Terrorism Act (POTA) 2002 at Chhattisgarh Special Public Security Act 2005. Katambal ng mga batas na ito ang Armed Forces (Special Powers) Acts. Ito ay serye ng mga atas mula 1976 hanggang kasalukuyang nagbibigay ng walang hanggang kapangyarihan sa Bharatiya Saśastra Senaem, ang mersenaryong hukbo ng India, at sa reserbang pwersa nitong gumamit ng dahas o paslangin ang sinumang pinaghihinalaan nilang gumagambala sa publiko o mayroong dalang armas.


Bago pa ang mga batas na TADA, POTO at POTA na nagkukubli sa tabing ng kontra-terorismo, mayroon nang Unlawful Activities (Prevention) Act 1967 ang India na naglilimita sa sumusunod:

*a. Kalayaan sa pamamahayag*

*b. Kalayaan sa mapayapang pagtitipon*

*c. Kalayaang maging kasapi at bumuo ng asosasyon o unyon.*

Pitong beses itong inamyendahan mula 1969 hanggang 2019. Ang huling pag-amyenda rito ay kasabay ng pag-amyenda sa National Investigation Agency (NIA) Act of 2008 upang ipasok ang probisyong nagpapahintulot sa NIA na mag-imbestiga ng mga kaso ukol sa terorismo kahit sa ibayong-dagat.



## BANGLADESH

Binuo ng gubyernong Bangladeshi sa pamumuno ng nakaluklok na Bangladesh Awami League, isa sa dalawang mayor na partido sa naturang bansa, ang Anti-Terrorism Act of 2009. Sumasaklaw ang bisa nito hanggang noong Hunyo 2008. Noong 2012, inamyendahan ito upang gawing parusang kamatayan ang pinakamataas na parusa sa ilalim ng naturang batas. Noong 2013, muli itong inamyendahan upang pahintulutan ang pagturing sa linalaman ng *social media* bilang ebidensya.



## PAKISTAN

Ang pinakaunang batas kontra-terorismo ng Pakistan ay ang Suppression of Terrorist Activities Ordinance 1975. May bisa ito hanggang 1997 para sa ilang lugar ng Pakistan at 2001 naman para sa ibang bahagi.

Pinalitan ito ng Anti-Terrorism Act 1997. Sa ilalim ng naturan, pinaluwag at pinasaklaw ang depinisyon ng terorismo. Binuo rin ang mga espesyal na korteng tinawag na Anti-Terrorism Courts at Anti-Terrorism Appellate Tribunal. Noong 1998, agad itong inamyendahan upang malusutan ang hatol ng Korte Suprema na labag sa Konstitusyon ang ilang probisyon ng naturang batas.

Ipinasa rin sa parehas na taon ang Pakistan Armed Forces (Acting in Aid of Civil Power) Ordinance na nagbigay ng labis-labis na kapangyarihan sa armadong pwersa ng estado. Binuo nito ang krimeng 'pampublikong kaguluhan'. Maaaring maparusahan ng hanggang pitong taong pagkakakulong ang isang indibidwal na mapatunayang bahagi ng paglikha ng kaguluhang labag o may intensyong labagin ang batas, nagpasimuno o nagpatuloy ng mga tigil-paggawa at iba pang tipo ng protesta, paninira ng kagamitang pribado o pagmamay-ari ng estado at iba pa. Ipinahintulot din nito ang paglilitis sa kaso ng isang akusado kahit wala ito sa naturang paglilitis.

Dahil sa matinding paglaban ng mamamayan, madaling naibasura ang PAFO 1998 nang sumunod na taon. Gayunpaman, pinanatili ng pasistang gubyerno ang 'pampublikong kaguluhan' sa mga krimen sa ilalim ng ATA 1997. Huling inamyendahan ang ATA 1997 noong 2014. Idinagdag din ang mga batas na National Counterterrorism Authority (NACTA) Act at 2014 Investigation for Fair Trial Act.



## ISRAEL


Noong 2016 ipinasa ng Knesset, sangay ng lehislatura ng Israel, ang isang batas-anti terorismo na nagpapataw ng matitinding parusa laban sa anumang porma ng terorismo. Ang Minister of Justice sa panahong iyon na si Ayelet Shaked ang pangunahing nagtulak ng naturang batas. Kilala si Shaked sa kanyang paninindigang neoliberal at pagsalig sa karahasan ng estado laluna laban sa mga Muslim at Palestinian.



## INDONESIA

Noong 2002, ipinatupad ng Indonesia ang Government Regulation in Lieu of Law 1/2002 at tuluyan itong isinabatas bilang Law 15/2003 sa sumunod na taon. Nasundan pa ito ng ipinasang Law on Terrorism noong 2018. Ilan sa mga tampok na mapanupil na probisyon nito ay ang mabilis at mahabang detensyong ipinapataw nang walang karampatang proseso at ang paggamit ng *intelligence information* bilang ebidensya.

Kaugnay ng LOT 2018, ilinabas noong 2019 ang Regulation No. 77/2019 on the Prevention of Terrorism and Protection of Investigators, Public Prosecutors, Judges and Correctional Officers upang mapasinsin ang pagpapatupad ng naturang batas. Kasabay nito, binuo rin ang Special Operations Command upang tutukan ang mga kasong may kaugnayan sa terorismo.



## MALAYSIA

Noong 2012, ipinasa ng Malaysia ang Security Offences (Special Measures) Act (SOSMA) bilang karagdagang pangil sa pasistang disenyo ng estado. Liban sa SOSMA 2012, ipinatutupad din sa bansa ang Prevention of Terrorism Act (POTA), Sedition Act at ang Prevention of Crime Act. Ang mga ito ay nagagamit laban sa mamamayang Malaysian na tumutuligsa sa mga kontramamamayang patakaran ng kanilang gubyerno. Isa sa pinakatampok na probisyon nito ay ang detensyon nang hanggang 28 araw nang walang *warrant*.



## SINGAPORE

Mayroong magkatambal na batas ang Singapore hinggil sa kontra-terorismo: ang Terrorism (Suppression of Financing) Act at Internal Security Act (ISA). Ilan sa matitingkad na laman ng mga naturang batas ay ang pagpapahintulot sa Ministry of Home Affairs na magsagawa ng mga pag-aresto at detensyon kahit walang *warrant*. Ang inisyal na detensyon ay hanggang dalawang taon. Maaari itong pahabain nang ilanmang ulit at gaanuman katagal. Maaari ring ipagbawal ng gubyerno ang pagbyahe o paglipat ng tirahan at trabaho ng isang Singaporean.



## QATAR

Noong 2019, ipinasa ng bansa ang magkatambal na batas hinggil sa *money laundering* at pagpopondo ng terorismo at paglaban umano sa terorismo. Kaagad itong sinundan ng pagpapanukala ng mga suplementong batas para sa pagpapatupad ng mga naturan. Dagdag ito sa Counter-terrorism Memorandum of Understanding na pinirmahan ng Qatar kasama ang US noong 2017 na nagpapahintulot sa panghihimasok ng pwersa ng US sa mga usapin ng bansa alang-alang umano sa laban kontra-terorismo. Mayroon ding National Anti-Terrorism Committee (NATC) na binubuo ng mga kinatawan mula sa higit 10 ahensya ng gubyernong Qatari.



## SAUDI ARABIA

Noong 2017, ipinasa ng bansa ang batas kontra-terorismo nito na pangunahing ipinatutupad ng Mabahith, ang yunit sa imbestigasyon ng Saudi Arabia, at ng State Security Presidency. Sa bisa ng batas, itinayo ang Specialized Criminal Court na dumidinig sa mga kasong may kaugnayan sa terorismo. Noong 2019, umabot na sa 38 inakusahang terorista ang nahatulan ng parusang kamatayan.

Ayon sa mga organisasyong nagtataguyod ng karapatang-tao sa loob at labas ng bansa gaya ng Anti-Defamation League, ginagamit ng gubyernong Saudi Arabian ang batas upang basbasan ang paglalabas ng sa mga eskwelahan at iba pang pampublikong plataporma ng mararahas na libro at materyal-propagandang tumatarget sa mga Hudyo, Kristyano, Shia, LGBT at iba pang espesyal na sektor at relihiyon.



## AFGHANISTAN

Noong 2017, binuo ng Afghanistan sa isang Penal Code ang lahat ng batas na ipinasa at ipinatutupad nito kaugnay ng terorismo. Kabilang sa mga ito ay ang 1967 1t 1987 Crimes against the Internal and External Security of the State Act, 2008 Combat Against Terrorist Offences at 2005 Firearms, Ammunition, and Explosives Act.



## SRI LANKA

Noong 1979, ipinasa ng gubyernong Sri Lankan ang Prevention of Terrorism Act. Mula noon, ito ang pangunahing batas kontra-terorismo ng bansa. Pagpasok ng 2019, ipinapanukala itong palitan ng Counter Terrorism Act.

Mayroon ding espesyal na yunit paramilitar ang Sri Lanka Police na nakatuon sa mga operasyong kontra-terorismo at kontrainsurhensya. Kilala ito sa tawag na Special Task Force (STF). Sa regular na istruktura ng pulis, mayroon ding Counter-Terrorism Investigation Division (CTID).

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO

PILIPINAS

OMAN

MALDIVES

JAPAN

UZBEKISTAN

MYANMAR

*Mula noong Marso 2021, nasa ilalim ang Myanmar ng isang diktadurang militar na sapilitang naipataw matapos ang coup d'etat ng militar.*





# AFRICA

## BURKINA FASO




Noong 2019, sa tulak ng US, ipinasa ng gubyernong Burkinabe ang isang batas na nagpapahintulot sa pagpapabilis ng pagdinig sa mga kasong may kaugnayan sa terorismo. Sa bisa nito, magkakaroon ng espesyal na korte na didinig sa mga kaso hinggil sa terorismo. Binuo rin ang espesyal na yunit para sa imbestigasyon ng mga naturang kaso - ang Brigade Speciale des Investigations Antiterroristes.

## CAMEROON



Ginagamit ng bansa ang 2014 Anti-terrorism law nito upang supilin ang paglaban at maglunsad ng gera laban sa mamamayang Anglo (kilala sa tawag na English Cameroon) sa bahaging Kanluran ng bansa. Binuhusan ng US ng $286 bilyong ayuda ang sentral na gubyernong Cameroon, na kumikiling sa panig ng French Cameroon, upang ipagpatuloy ang gerang ito. Daan-daang mamamahayag at aktibistang kumukundena sa naturang gera ng estado ang tinaguriang terorista at ikinulong.

## LIBYA



Ipinasa ng Libya ang Law on Combatting Terrorism [3/2014] noong 2014. Ilan sa mga nakababahalang probisyon ng naturang batas ay:

*a. Malulubhang parusa para sa mga krimeng tinaguriang 'nakapipinsala sa pagkakaisa ng bansa'. Maaari nitong arbitraryong tukuyin ang napakaraming aktibidad at gawaing wala namang kaugnayan sa karahasan at terorismo gaya ng pagpapraktika ng karapatan sa pagpapahayag, pagsali at pagbuo ng organisasyon at mapayapang pagtitipon.*

*b. Napakasaklaw na pagpapakahulugan sa terorismo at teroristang hakbangin.*

*c. Parusa ng habambuhay na pagkakakulong para sa sinumang nagtayo o namuno sa isang teroristang organisasyon at parusa ng 10 taong pagkakakulong kasabay ang pagpapatrabaho para naman sa sinumang sumapi sa mga naturang organisasyon. Maaaring hatulang may-sala ang inaakusahan kahit walang ebidensya ng karahasan.*

*d. Maaaring kasuhan ang isang indibidwal ng paglabag sa LCT 2014 para sa anumang ordinaryong krimen gaya ng tangkang panggugulo sa publiko.*

*e. May kapangyarihan din ang mga korte na limitahan ang kalayaang kumilos ng isang kinasuhan sa bisa ng batas dahil sa lehitimong pagpapraktika ng kanyang karapatang magpahayag.*

## EGYPT



Ang 2015 Anti-Terrorism Law ng Egypt ang tumatayong banderang batas kontra-terorismo ng bansa. Noong 2019, nakapasa sa komite ng kanilang Parlyamento ang mga probisyong nagdaragdag ng parusang pagkakakulong para sa mga nagtataguyod at nagpapalaganap ng ideolohiyang '*extremist*' sang-ayon sa batas ng bansa tungong 10 taon. Samantala, ipinapanukala naman ang 15 taong pagkakakulong kung isinagawa ang propaganda sa mga lugar-sambahan, pampublikong lugar o kaya ay mga erya ng pulis at militar.

Sa parehas na taon, binuo sa Parlyamento ang komite kontra-terorismong tutuon sa pagbubuo ng mga bagong batas at pag-aamyenda ng mga dati nang atas hinggil sa terorismo. May kapangyarihan din ang naturang komite na magbigay ng mga rekomendasyon upang tanggalin, baguhin at palitan ang kurikulum sa mga eskwelahan at ang mga materyal sa pananampalataya upang pigilan ang 'radikalisasyon' sa bansa.

## IBA PANG MGA BANSA SA KONTINENTENG MAY BATAS SA TERORISMO

Ethiopia

Kenya

Tanzania

Mozambique

South Africa

Niger

Morocco

Tunisia

# Australia & Oceania





# AUSTRALIA

Nitong 2019, ipinanukala ng Australia ang dalawang bagong batas kontra-terorismo: ang Counter-Terrorism Bill 2019 (Temporary Exclusion Orders) na nagpapahintulot sa Prime Minister na ipagbawal ang pagpasok sa bansa nang hanggang dalawang taon ng isang Australian na pinaghihinalaang sumusuporta o umuugnay sa teroristang organisasyon sa ibang bansa, at ang Australian Citizenship Amendment (Citizenship Cessation) Bill 2019 na nagbibigay ng kapangyarihan sa gubyernong tanggalin ang Australian *citizenship* ng mga mamamayang pinaniniwalaang may kaugnayan sa terorismo. Sa taong ito rin ipinasa ang Criminal Code Amendment (Sharing of Abhorrent Violent Material) Act 2019 na nagkikriminalisa sa kabiguan ng mga kumpanya sa *internet* na i-ulat sa gubyerno ang mga ilinathalang materyal na itinuturing na 'marahas' at 'kasuklam-suklam'.

Noong 2004, nauna nang ipinasa ang serye ng mga batas kontra-terorismo. Ang Anti-terrorism bill (No. 1) 2004 ay naglalaman ng mga probisyong:

*a. Pagpapalawig ng panahon ng interogasyon mula apat na oras tungong isang araw.*
*b. Walang taning na pagpapaliban o pagpapahinto ng interogasyon batay sa rekomendasyon ng pulis.*

Inamyendahan naman ng Anti-terrorism Bill (No. 2) 2004 ang ilang mga batas upang i-ayon ito sa ATA No. 1 2004. Ilan sa mga ito ang sumusunod:

*a. Criminal Code, Crimes Act: ginawang krimen ang pag-ugnay ng isang indibidwal sa sinumang kasapi o nagtataguyod ng programa at aktibidad ng isang teroristang organisasyon*
*b. Forensic Procedure Laws, Crime Act: inamyendahan upang tiyaking magagamit ng lahat ng mga yunit sa forensics ang pambansang database sa panahon ng teroristang atake.*
*c. Passports Act: binago upang bigyang-kapangyarihan ang Australian Federal Police o ang Australian Security Intelligence Organisation (ASIO) na humingi ng permiso para kumpiskahin ang passport ng isang dayuhan.*
*d. Australian Security Intelligence Organisation Act: binago upang pahintulutan ang ASIO na kumpiskahin agad ang passport ng sinumang tinukoy sa rekwes para sa interogasyon at kumpiskasyon.*
*e. Administrative Decisions (Judicial Review) Act 1977: inamyendahan upang ilibre ang Attorney-General, na noong panahong iyon ay si Ruddock din, mula sa mga probisyon ng batas na ginawa niya.*

Kasunod nito ang Anti-terrorism Bill (No 3) 2004 na nasundan pa ng Anti-Terrorism Act of 2005. Tampok na mga probisyon nito ang:

*a. Detensyon nang wala pang kaso para sa mga pinaghihinalaang terorista. Habang nakadetine, maaaring arbitraryong interogahin ng ASIO ang indibidwal kahit walang ebidensya at walang kasaysayan ng pagkakadawit sa anumang krimen. Ang pagbubulgar na naganap ang gayong interogasyon ay isang krimen.*
*b. Pagkontrol sa mga batayang kalayaan ng isang indibidwal gaya ng: kalayaan sa mobilidad, kalayaan sa asosasyon, kalayaang magmay-ari ng isang bagay o gumawa ng isang partikular na aktibidad. Mayroon ding permanenteng rekisitos kung saan dapat naroroon ang inidibidwal sa isang takdang panahon, pagsusuot ng tracking device at paghikayat ng "re-edukasyon".*
*c. Tuwirang pinagbabawal ang pagpapahayag ng upinyon at kritisismo laban sa gubyerno. Liban na lamang, kung sabihin ng gubyernong tama ang kritisismo laban sa isang entidad.*
*d. Ipinagpapalagay na may-sala ang isang indibidwal hanggang sa mapatunayang inosente.*
*e. Ang padalus-dalos na pagbibigay ng pondo sa anumang organisasyon. Hindi mahalaga kung pinaghihinalaan bang terorista ang organisasyon, ang mahalaga lamang ay padalus-dalos ang indibidwal na nagbigay ng pondo rito. Pinahihintulutan ang pulis na humingi ng kahit anong impormasyong tungkol sa isang indibidwal. Krimen ang pagbubunyag ng isang indibidwal o ahensyang hiningian ito ng pulis ng gayong impormasyon.*
*f. Probisyong Shoot to kill: inaatasan ang pulis na ituring na agad na kriminal ang sinumang nasa detensyon pa lamang.*



# NEW ZEALAND

Gaya ng ibang mga bansa sa daigdig, ipinasa ng New Zealand ang Terrorism Suppression Act 2002 sang-ayon sa tulak kontra-terorismo ng US. Nagmula ang TSA 2002 sa Terrorism (Bombings and Financing) Bill 2001 ni Philip Bruce Goff, kasapi ng New Zealand Parliament sa panahong iyon. Si Goff ay kilalang pabor sa konsepto ng 'malayang kalakalan' at neoliberalismo. Ipinanukala niya ang naturang batas upang mapahusay umano ang imahe ng New Zealand para sa mga dayuhang mamumuhunan.

Inamyendahan ito noong 2007. Gamit ang naturang Terrorism Suppression Amendment Act 2007, linipat ang kapangyarihang magtakda ng isang entidad bilang terorista mula sa mga korte tungo sa Prime Minister.



# Panggegera at Ekonomikong Terorismo ang Patakaran ng Naghihingalong Imperyalistang US

**Tinitiyak ng US ang paglahok ng mga bansa sa buong daigdig sa lahat ng kanyang pakana, gaya ng histeryang kontra-terorismo, upang maipagpatuloy ang kanyang hegemonya sa daigdig. Upang mapasunod ang mga ito, gera at ekonomikong terorismo ang armas ng imperyalistang US.**

## Europe

**European Union** - Pinatawan ng US ang EU ng serye ng mga dagdag na taripa sa iba't ibang produkto ng rehiyon bilang ganti sa mga hakbang ng mga bansa sa EU na protektahan ang kani-kanilang mga ekonomya. Noong 2018, ipinataw ang dagdag taripa sa produktong bakal at *aluminum*. Bago ang Covid-19, plano ng US na magpataw ng panibagong $2.4-bilyong buwis sa mga produkto ng Pransya tulad ng keso at *bag*. Ginigipit ng US ang ekonomya ng EU sa pagtatangkang itulak itong suportahan ang pang-aatake ng US sa Iran at upang ipihit ito tungo sa muling pagluluwag ng ekonomya para sa panghihimasok ng US.

**United Kingdom** - Itinutulak ng US ang neoliberalismo bilang bagong pang-ekonomyang istruktura ng UK habang isinusulsol ang pagtalikod sa pagiging *welfare state*. Kabilang sa mga nais maganap ng US ang malaganap na pribatisasyon ng ekonomya ng naturang bansa.

**Britain** - Sa napipintong pagpirma ng Britain sa kontratang magpapahintulot sa Huawei Telecoms ng Tsina na magtayo ng 5G Network sa kanilang bansa, nagbabanta ang US na patawan ng parusa ang naturang bansa sa porma ng pagkakait ng impormasyon at *intelligence data*.

**Denmark** - Noong 2019, pinepresyur ng US ang Denmark na ibenta ang bahagi ng teritoryo nito, ang isla ng Greenland kapalit ng mga pabor at konsesyon sa kalakalan. Nasa islang ito ang Thule Air Base ng US Air Force.

**Germany** - Ipinasa ng US Senate noong Disyembre 17, 2019 ang Sanctions Bill na naglalayong parusahan lahat ng kumpanyang bahagi ng pagbubuo sa $100-bilyong Russian-German gas pipeline Nord Stream 2 na magbibigay-daan sa pagsusuplay ng Russia ng $55-bilyong *m3 liquified natural gas* sa Germany. Bahagi ng naturang *sanction* ang pagkansela sa mga visa at iligal na pagkumpiska sa lahat ng ari-arian, nasa US man o wala, ng mga indibidwal na may partisipasyon sa proyekto.

**Turkey** - Pinatawan ng US ang Turkey ng sunud-sunod na *economic sanctions* dahil sa pagbili nito ng Almaz-Antei S-400 Triumf air defense systems ng Russia.

# SOUTH AMERICA

**Venezuela –** Nagpataw ang US ng embargo sa langis laban sa Venezuela. Nanghihimasok din ang US sa pulitika ng bansa sa pamamagitan ng pagpipilit na maipwesto ang tuta nitong si Jose Guaido laban sa anti-imperyalistang pangulong si Nicolas Maduro. Ipinasa rin ng US ang Venezuela Emergency Relief Democracy Assistance and Development Act of 2019 (VERDAD 2019) noong Abril 2019 na nagbuhos ng aabot sa $50 milyong pondo sa taong iyon at karagdagang $400 milyon noong 2020 para sa patuloy na panghihimasok ng US sa naturang bansa. Iligal ding kinumpiska ng US ang $130 bilyong *asset* ng Venezuela na nakalagak sa ibayong dagat mula pa noong 2017 bilang bahagi ng *economic sanction* ng US sa naturang bansa. Pinilay ng mga atakeng ito ng US ang kakayahan ng Venezuela na magprodyus ng langis mula 3.2 milyong bariles tungong 900,000 bariles noong 2020. Itinulak nito ang pagtaas ng tantos ng implasyon sa bansa sa 10,000% noong 2019 at sa rurok na 130,000% noong 2018.

**Bolivia -** Minaniobra ng US ang sapilitang pagpapatalsik sa anti-imperyalistang pangulong si Evo Morales noong Nobyembre 2019. Humalili sa pwesto ni Morales si Jeanine Anez, isang masugid na tagasunod ng imperyalistang US. Sa atas ng kanyang amo, idineklara ni Anez ang muling pagtutulak ng pribatisasyon ng ekonomya ng Bolivia at ang pagbuhay ng ugnayan nito sa US at Israel.

**Nicaragua -** Sa sulsol ng US, naglabas ang European Parliament ng isang resolusyong kumukundena sa Nicaragua, isa sa mga bansang anti-imperyalista sa Latin America, noong Disyembre 2019. Layunin nitong brasuhin ang Nicaragua sa pagsunod sa neoliberal na direksyon ng US at upang maitulak ang pagpupwesto ng mga papet ng imperyalista sa mga susing pusisyon sa gubyerno.

**Iba pang mga bansang biktima ng ekonomikong terorismo ng US:**

**Cuba**

# ASIA

**India -** Binabantaan ng US ang India na patawan ng parusa sa bisa ng Countering America's Adversaries Through Sanctions Act (CAATSA) nito kung ipagpapatuloy ng India ang dagdag na kontrata sa pagbili ng Almaz-Antei S-400 Triumf air defense systems ng Russia. Ang CAATSA ay sumasaklaw sa anumang transaksyong lalampas sa $15 milyon, partikular sa pagbili ng armas at pagtangkilik sa mga produktong Ruso, sa pagitan ng alinmang bansa at Russia.

**Iraq** - Matapos ang pagpatay ng tropang Amerikano kay Gen. Soleimani ng Iran sa Baghdad City kung saan napatay din ang matataas na upisyal-militar ng Iraq kabilang si Al-Muhandis, *deputy commander* ng Iraq's Popular Mobilization Forces, muling binuksan ng Iraq ang plano nitong bumili ng armas mula sa Russia noong 2020. Tulad ng India at Turkey, binabantaan din ng US ang naturang bansa na papatawan ng *economic sanctions* kapag itinuloy ang pagbili.

**South Korea -** Kapalit ng pagdedeploy ng 28,500 tropang Amerikano sa South Korea laban umano sa banta ng North Korea, pinupwersa ng US ang South Korea na magbayad ng abot sa $5 bilyon kada taon simula 2020 mula sa dating napag-usapang $900 milyon sa nakaraang taon.

**Tsina -** Noong 2018, ilinunsad ng US ang isang gera sa kalakalan laban sa Tsina at iba pang mga bansa. Itinaas ng US sa 25% ang taripang ipinataw nito sa $200 bilyong halaga ng produkto nito. Itinaas naman ng Tsina ang buwis sa $110 bilyong halaga ng produkto ng US. Nagpataw din ang rehimeng Trump ng dagdag taripa sa mga inaangkat na produkto mula sa mga alyado nito tulad ng European Union, Canada, Turkey at India. Upang pansamantalang mapahupa ang epekto ng naturang 18-buwang gera sa kalakalan ng US at Tsina, lumagda ang dalawa sa isang kasunduan noong Enero 15, 2020. Linalaman ng Phase One ng naturang kasunduan ang ilang konsesyon tulad ng pagluluwag ng US sa taripa sa mga produktong Tsino kapalit ng pagpapalaki ng bolyum ng produktong bibilhin ng Tsina mula sa US.

**Pakistan -** Pinipilit ng US ang Pakistan na susugan ang mga hakbang nito laban sa Iran sa kabila ng nabubuong ugnayan ng dalawang bansa sa larangan ng enerhiya, transportasyon at kalakalan.

**Iran -** Napatay si Gen. Qasem Soleimani, kumander ng Quds Force of Iran's Islamic Revolutionary Guard Corps (IRGC), ng operasyong militar ng US noong Enero 3, 2020. Kasabay ng pagpapataw ng mga *economic sanctions*, inatake rin ng US ang mga baseng milisya ng Iran sa Iraq. Bahagi ang mga ito ng pagpapaigting ng US sa pang-aatake sa Iran na nagsimula pa noong 1979 sa pagkakatayo ng Islamic Republic of Iran. Ang pagkakatindig ng IRI at ang mga hakbang nito upang paunlarin ang sariling ekonomya ay banta sa kontrol ng US sa rehiyon. Pinag-iinteresan ng US ang rekurso ng Iran sa langis na umaabot sa 17% ng pandaigdigang reserba sa langis, rekurso sa mga mineral at estratehikong pusisyon nito sa Asya tungong Southern Europe.